


# Pagsunod kay Jesus sa NIGERIA



KILALANIN SI UNWANA!

## Tungkol kay Unwana

**EDAD:** 7

**MULA SA:** Akwa Ibom, Nigeria

**WIKA:** Ingles

**MGA MITHIIN AT PANGARAP:** Maging isang doktor

**PAMILYA:** Unwana, Inay, Itay, Lolo, nakababatang kapatid na babae, at nakababatang kapatid na lalaki



MGA LARAWANG-GUHIT NI DENISE HUGHES

## Paano Sinusunod ni Unwana si Jesus

Iginalang palagi ni Jesus ang Kanyang ina. Iginagalang din ni Unwana ang kanyang ina. "Tinutulungan ko si Inay sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga pinggan. Nagwawalis ako at naglalampaso ng sahig tuwing umaga," sabi niya. "Lagi akong masaya kapag natatapos ko ang trabaho ko. Alam ko na masaya si Jesucristo dahil sinisikap kong maging katulad Niya."

Hiniling ni Jesus na matuto tayo tungkol sa Kanya (tingnan sa Mateo 11:29). Natututo si Unwana tungkol kay Jesus sa pamamagitan ng mga awitin at banal na kasulatan. "Nagtatakda ako ng mga mithiing kumanta ng isang awitin sa Primary at matuto mula sa mga banal na kasulatan bawat araw," sabi niya. Nag-aaral din siyang tumugtog ng organo. Kailangan doon ang maraming praktis, pero sulit iyon!

## Mga Paborito ni Unwana



Kuwento sa banal na kasulatan: Nang binyagan si Jesus



Gulay: Mga yam



Lugar: Ang silid-aralan kung saan siya nagpapraktis ng pagtugtog ng organo



Kulay: Pula



Subject sa paaralan: English





### Maaari Mo ring Sundin si Jesus!

Maraming paraan para masunod si Jesus. Ano ang maaari mong gawin para masunod Siya? Isulat at ikuwento sa amin!